AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

# WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
## Aralin 76

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 76** |
|---|
| Theme: Ang Kaibigan Kong Sirena - Yung Tsinelas Ko! |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ang Kaibigan Kong Sirena : Yung Tsinelas Ko!**

**WRITING PROMPT LESSON 76**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, babalikan natin ang ala-ala ng ating bida noong siya'y bata pa, dahil matagal na ito, atin siyang tutulungang buuin ang kanyang kwento! Handa ka na ba?

**II.Writing Prompt of the Day**

Naaalala ko ang araw na iyon. Ako lang mag-isang naglalaro sa dalampasigan dahil hindi pwede ang mga kaibigan ko. Tuwing maglalaro ako, iniiwan ko ito sa konkretong hagdan na minsan inaabot ng tubig kapag mataas ito. Sa araw na iyon may kataasan ang tubig kaya umaabot ito sa hagdanan.

Habang ako'y naglalaro ng karate sa tubig, biglang napansin kong papalayo na nang papalayo ang aking tsinelas! Kakaiba ang paglutang nito kasi tila may nakahawak sa ilalim ng tubig!

Kaya't hinabol ko ito! Hinabol nang hinabol hanggang sa malalim na pala masyado ang tubig! Unti-unti naglaho ang liwanag pati ang aking malay. Akala ko maaga akong mawawala sa mundong ito... mas bigyang detalye ang kwento!

•Saan kayang probinsya sa Pilipinas nakatira ang bida? (Maaari kang pumili kahit saan,  tandaan lang ang deskription na sinabi ng bida!)
•Kung naglalaro ng karate ang batang bida, isa kaya siyang babae o lalaki?
•Ano o sino kaya ang kumuha ng tsinelas ng bida?
•Magaling bang lumangoy ang bida?
•Kung ikaw ang bida, hahabulin mo rin ba ang tsinelas?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang mangyayari sa kwento? Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Excited na kaming malaman ang inyong kwento. Tandaang gamitin ang mga tanong upang mabuo ang iyong kwento. Abangan ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."